TAGALOG

فلبيني - (تجالوج)

SUNNAH COLLEGE

MAKUKUHANG ARAL MULA SA INIT NG ARAW

موعظة من حرارة الصيف

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

Sarhaan.com – MahadSunnah.com

Youtube.com/@MahadSunnah

Classified as Public

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa panahong masikat ang araw, mainit ang klima at labis na pagpapawis, ito ang inirereklamo ng karamihan, subalit ito'y pinagkukunan ng aral ng isang mananampalataya.

Kanyang makikita ang pagbabago at paggalaw ng araw na ito'y palatandaan ng kadakilaan ng Allah, sinabi ni Allah sa Qur'an, "At ang araw ay umiinog sa [sariling ligiran nito] tungo sa takdang pagtigil nito. Iyan ang takdang panukat ng Ganap na Makapangyarihan, ang Maalam".

Tumatayong paalala sa init ng impiyerno ang mainit na panahon, sinabi ng Propeta Muhammad (suma kanya nawa ang kapayapaan), "Ang impiyerno ay dumaing sa kanyang panginoon at ito'y nagsabi: 'O aking panginoon kinakain ng parte ko ang ibang bahagi ko' magkagayon ang Allah ay pinahintulutan na ito'y huminga ng dalawang beses, isa tuwing taglamig, at isa ay tuwing tag-init, ito ang dahilan kung bakit labis ang init tuwing tag-init, at sobrang ginaw tuwing taglamig".

Anumang init at apoy sa mundong ito ay paalala sa parusa sa apoy ng impiyerno, ito'y magtutulak sa tao na magsagawa ng kabutihan upang maligtas, sinabi ng Allah, "Kami ang gumawa ng apoy bilang babala [ng Impiyerno] at isang kagamitan na nagsisilbing paalala para sa mga

Classified as Public

manlalakbay.” Paalala, sinabi ni Mujahid -rahimuhullah-, “Paalala sa darating na malaking apoy”.

At hindi ito dahilan sa isang mananamapalataya upang kaligtaan ang mga islamikong obligasyon, katulad ng pagdarasal kasama ang grupo ng mga Muslim at pag-aayuno. Si Aamer bin Qais nung sya ay malapit na abutan ng kamatayan ay nagsabi, “Hindi ako naiiyak dahil sa inyong mundo, subalit ako’y naiiyak para sa uhaw dulot ng pag-aayuno sa mainit na panahon at ang pagtatayo ng pagdarasal sa huling parte ng gabi tuwing taglamig”.

At ang pag-iwan ng mga obligadong pagsamba nang dahil lang sa init ng panahon ay ugali ng mga pakitang-tao, Ang Allah (subhanahu wa ta’aala) ay nagsabi, “Yaong mga nagpaiwan ay natuwa sa kanilang pananatili [sa kanilang tahanan] pagkaraan [ng paglisan] ng Sugo ng Allah; at kanilang kinamuhian ang pakikipaglaban para[sa Landas ng Allah] sa pamamagitan ng kanilang mga yaman at kanilang mga sarili at sila ay nagsabi: “Huwag kayong magsilakad sa [gitna ng] kainitan.” Sabihin: “Ang Apoy ng Impiyerno ay higit na mainit,” kung ito ay kanilang nauunawaan lamang.”

At kapag ang mainit na panahon ay hindi nagugustuhan ng isang mananamaplataya, kanyang alalahanin ang biyaya ni Allah sa panahong balanse ang klima, at magpasalamat sa biyaya na makaupo sa malamig na kwarto o sa ilalalim ng lilim. Sinabi ni Allah sa Qur’an, “Kayo ay magpasalamat sa mga biyaya na ipinagkakaloob sa inyo kung kayo’y tunay na sumasamba

Classified as Public

sa Kanya”. At ang mainit na panahon ay magtutulak sa puso ng isang Muslim upang gumawa ng kabutihan at upang magkaroon ng awa sa mga nahihirapan, kung saan maaring sya ay magregalo ng bentilador o kaya naman ay mamigay ng malamig na tubig sa mga nauuhaw, o magtanim ng puno upang ang mga tao ay mayroong masilungan, ang Propeta Muhammad (suma kanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi, “Sinuman ang magpadali ng isang mahirap para sa isang Muslim, gagawin rin itong pagpapadali para sa kanya sa Araw ng Muling Pagbangon”.

والله تعالى أعلم...